

3 Mahahalagang Papel

3 – 1 Paninirahan sa Bansang Hapon

Residency Management System

Dayuhan na mananatili sa Japan ng sandalian hanggang matagalan (higit sa 3 buwan)

(1) Residence card

Ang residence card ay ipinagkakaloob sa bawat isa na pinagkalooban ng pahintulot sa pagpasok at pagtira sa bansa. Naglalaman ito ng pangalan, petsa ng kapanganakan, tirahan, nasyonalidad/rehiyon, katayuan sa paninirahan, at panahon ng paglagi. Kasama rin dito ang larawan ng may-ari ng card. Kung nawala ang card o nasira, mangyaring mag-apply sa Immigration Bureau ng Japan. Maaari kang makakuha ng bagong card. * Kung nawala ang pasaporte, mangyaring kumuha ng isang "sertipiko ng nawalang pag-aari" mula sa pulisya. Dalhin ang sertipiko at pumunta sa embahada o konsulado ng sariling bansa at muling kumuha ng pasaporte.

(2) Mga pamamaraan na may kaugnayan sa paninirahan [Mga Pamamaraan sa mga tanggapan ng lokal na pamahalaan]

1. Kung may pagbabago sa pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad, rehiyon, atbp.

Sa loob ng 14 na araw ng petsa ng pagbabago, dalhin ang sumusunod na mga papeles:

【Mahalagang papeles】 pasaporte, larawan, residence card, at dokumento na nagpapakita ng mga katotohanan ng mga pagbabago.

2. Kapag ang aktibidad batay sa katayuan ng tirahan ay binago, at kung kailan muling matatapos ang termino ng paninirahan.

Mangyaring mag-apply para sa pagbabago ng katayuan ng paninirahan o mag-apply para sa pag-renew ng permit sa paninirahan.

【Mahalagang papeles】 pasaporte, larawan, residence card, mga dokumentong pagpapatunay

Hiroshima Regional Immigration Bureau

2-31 Kami-Hatchobori, Naka-ku, Hiroshima City Tel. 082-221-4412

Sistema para sa Special Permanent Residents Status Ang sistema para sa mga Special Permanent Residents Status ay naiiba sa Residency Management System.

(1) Paglathala ng Special Permanent Resident Certificate

Ang Special Permanent Resident Certificate ay ibibigay sa mga Special Permanent Residents.

Napapaloob sa special permanent resident ang pangalan, kaarawan, tirahan, nasyonalidad, rehiyon, expiration date nito at ang larawan ng may-ari ng certificate. Ang isang taong wala pang edad na 16 na may residence certificate ay dapat magparehistro ng special permanent resident hanggang sa edad na 16.

Kung nawala ang inyong certificate o ito ay nasira, mangyaring mag-apply ng bagong certificate sa tanggapan ng ward.

(2) Sistema para sa Special Permanent Residents Status [Sumangguni sa inyong munisipyo sa pamamaraan]

1. Kung may pagbabago sa pangalan, araw ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad at rehiyon, ipagbigay-alam sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng nasabing pagbabago.

【Mahalagang papeles】 Pasaporte (kung may pasaporte), litrato, Special Resident Certificate, at iba pang angkop na dokumento na magpapatunay sa anumang pagbabago.

2. Kung ang inyong Special Permanent Resident Certificate ay na expired
Kung ang Special Permanent Resident Certificate ay na expired kailangang ihanda ang mga dokumento.

【Mahalagang papeles】 Pasaporte (kung may pasaporte), litrato at Special Resident Certificate.

Sistema ng Re-Entry

Ayon sa patakaran, ang mga sumusunod ay hindi na kailangan ng re-entry permit:

- Kung ang isang dayuhan na may wastong pasaporte at resident card
... Sa paglabas ng bansa, idineklara na ang pagbalik ay sa loob ng isang taon.
- Kung ang isang dayuhan na may wastong pasaporte at special resident certificate
... Kung ang isang dayuhan na may wastong pasaporte at special resident certificate at idineklara na ang pagbalik ay sa loob ng dalawang taon

Para sa mga katanungan tungkol sa sistema ng residente at Special Permanent Resident

Immigration Information Center

Bukas mula: Lunes-Biyernes 8:30-17:15

Sarado tuwing: Sabado, Linggo, special holidays, at Disyembre 29-Enero 3.

Tel. 0570-013904 (mula sa IP phone o ibang bansa 03-5796-7112)

3 – 2 Pagpaparehistro ng Tirahan

Ang mga midterm at long term at mayroong Special Permanent Resident ay dapat magparehistro bilang residente.

(1) Bago manirahan sa Japan (para sa mga midterm at long term na residente)

Matapos makumpirma ang lugar na titirahan, ipagpaalam sa ward office (pahina 39) sa loob ng 14 na araw dala ang inyong residence card. Kung walang residence card, dalhin ang pasaporte.

(2) Paglipat ng Tirahan

1. Paglipat mula sa Lungsod ng Hiroshima papunta sa ibang lungsod, ward o town

Magsumite sa inyong local ward office (pahina 39) ng *Tenshutsu Todoke*. Bibigyan kayo ng *Tenshutsu Shōmeisho*, na kailangang pakaingatan na hindi mawala.

Sa loob ng 14 na araw, magsumite ng *Tennyū Todoke* sa inyong bagong lungsod, ward o town na inyong nilipatan.

【Mahalagang Papeles】 Residence card, special residence certificate ng lahat ng kasambahay at *Tenshutsu Shōmeisho*



2. Paglipat sa loob ng Lungsod ng Hiroshima

Sa loob ng 14 na arw, magsumite sa inyong ward office (pahina 39) ng *Tenshutsu Todoke* 【Mahalagang Papeles】 Residence card, special residence certificate ng lahat ng kasambahay

Memo 1: Residence Certificate

Kapag kayo po ay nakarehistro bilang resident, ang local ward office o branch office ay magbibigay ng Residence Certificate.

Ang mga mamamayan nangangailangan ng kopya ng Residence Certificate, maaaring mag-apply sa local ward office (pahina 39).

Ang kopya ng Residence Certificate ay maaaring makuha sa kahit saang local ward office o branch sa lungsod ng Hiroshima.



Memo 2: My Number

Lahat ng mayroong Residence Certificate ay mayroon ding “My Number” (12-digit na personal na number). Kung nakapagrehistro bilang residente, kayo ay padadalhan ng My Number, na naglalaman ng litrato.

Magtanong sa local ward office o branch (pahina 39) para sa iba pang impormasyon.

Memo 3: Child Allowances

Mayroong child allowance na ibinibigay sa mga magulang na nagpapalaki ng mga bata hanggang 3rd year junior high school (hanggang March 31 matapos ang 15 anyos). Sa mga hindi pa nakatanggap o mga lumipat ng tirahan mula sa labas ng lungsod ng Hiroshima, mag-sumite lamang ng aplikasyon. Para sa detalye, magtanong sa local ward office Public Welfare Division (pahina 41, 42).

3 – 3 Kapanganakan ng Bata / Kamatayan / Kasal / Diborsyo

Kinakailangan na ipagpaalam sa inyong bansa kung may batang isinilang, may namatay, ikinasal o nag-diborsyo. Makipag-ugnayan sa embahada, konsulado ng inyong bansa na nasa loob ng bansang Hapon.

Ipaalam din sa inyong ward o branch office (pahina 39), gayundin sa Immigration Services Agency ng Bansang hapon.

(1) Kapanganakan ng Bata

Abiso	<ul style="list-style-type: none"> • Kailan ipapasa • Sino ang kailangang mag pasa 	Saan ipapasa
Pag abiso ng kapanganakan (<i>Shusshō Todoke</i>)	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 14 na araw kasama ang araw ng kapanganakan • Lahat 	Local ward office, Citizens Affairs Division o branch officeo sa local ward (maaari rin sa branch office kung mayroon nito) kung saan ipinanganak ang bata
Pagkuha ng Pamantayan ng Residency	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 30 na araw • Mula Mid at long term na residence 	Hiroshima Regional Immigration Bureau
Pahintulot na may kaugnayan sa Permanent residency	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 60 na araw ng pagkapanganak • Special Permanent Residents 	Local ward office, Citizens Affairs Division o branch office
Ulat ng kapanganakan (<i>Shusshō Renraku Hyō</i>)	<ul style="list-style-type: none"> • Hanggat maaari po ay maaga • Lahat 	Local ward office, Welfare Division o branch office
Aplikasyon para sa Child Allowance (<i>Jidō Teate</i>)	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 15 na araw buhat ng kapanganakan • Makipag-ugnayan sa local ward office na nasa kanan 	Local ward office, Mutual Community Support Division or branch office (maliban sa Ninoshima)
Aplikasyon para sa tulong na salapi sa mediko para sa mga bata	<ul style="list-style-type: none"> • Kontakin ang local ward office na nasa kanan (Ang mga mayroong sapat na sahod ay hindi kabilang sa mga pagtulong sa salapi sa mediko para sa mga bata) 	Local ward office, Welfare Division o branch office
Pag papatala sa National Health Insurance	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 14 na araw • Mga taong may National Health Insurance 	Local ward office, National Insurance and Pension Division o branch office

* Kahit na ang bata ay ipinanganak sa Japan, at ang ama at ina ay dayuhan, ang bata ay hindi bibigyan ng Japanese citizenship. Makipag-ugnayan sa embahada ng inyong bansa o konsulado upang ipaalam ang kapanganakan ng bata.

(2) Kamatayan

Abiso	<ul style="list-style-type: none"> • Kailan ipapasa • Sino ang kailangang mag pasa 	Saan ipapasa
Pag abiso ng Kamatayan (<i>Shibō Todoke</i>)	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng pitong araw matapos malaman ang pagkamatay • Lahat 	Local ward office, Citizens Affairs Division o branch office, o kaya sa ward o branch office kung saan namatay (maaari rin sa branch office kung mayroon nito)
Pag abiso ng Kamatayan para sa National Health Insurance	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 14 na araw ng pagkamatay • Kung ang namatay ay may National Health Insurance 	Local ward office, National Insurance and Pension Division o branch office
Pagbabago sa Long-Term Care Insurance (<i>Kaigo Hoken</i>)	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 14 na araw ng pagkamatay • Kung ang namatay ay may Long-term care insurance 	Local ward office, Longevity and Health Services Division o Local ward Welfare Division or branch office

(3) Kasal

Abiso	<ul style="list-style-type: none">• Kailan ipapasa• Sino ang kailangang mag pasa	Saan ipapasa
Abiso ng kasal	<ul style="list-style-type: none">• Walang deadline ng pag aabiso ng Abiso ng Kasal (Magiging legal na mag-asawa matapos magsubmit ng Notification of Marriage)	Local ward office, Citizens Affairs Division o sa branch office * Ang mga papeles na kailangan at pamamaraan ay depende sa inyong nasyonalidad
Pagbabago sa National Health Insurance	<ul style="list-style-type: none">• Sa loob ng 14 na araw matapos ikasal• Sa mga mayroong National Health Insurance	Local ward office, National Insurance at Pension Division o branch office
Pagbabago sa Long-Term Care Insurance (Kaigo Hoken)	<ul style="list-style-type: none">• Sa loob ng 14 na araw kung may pagbabago sa pangalan o tirahan ng mga taong may insurance	Local ward office, Welfare Division o branch office

(4) Diborsyo

Abiso	<ul style="list-style-type: none">• Kailan ipapasa• Sino ang kailangang mag pasa	Saan ipapasa
Abiso ng Diborsyo	<ul style="list-style-type: none">• Ayon sa mutual agreement, walang deadline ng pag abiso (Ang pamamaraan ng diborsyo ay maisasagawa, matapos iabiso ang Abiso ng Diborsyo)• Sa iba pang dokumento, 10 araw matapos ang diborsyo	Sa local ward office Citizen Affairs Division o sa branch office * Ang mga papeles na kailangan ay maaaring depende sa inyong nasyonalidad
Pagbabago sa National Health Insurance	<ul style="list-style-type: none">• Sa loob ng 14 na araw matapos ang diborsyo• Sa mga nagrehistro ng National Health Insurance	Local ward office, National Insurance at Pension Division o branch office
Pagbabago sa Long-Term Care Insurance (Kaigo Hoken)	<ul style="list-style-type: none">• Sa loob ng 14 na araw kung may pagbabago sa pangalan o tirahan ng mga taong may insurance	Local ward office, Welfare Division o branch office

Memo 1: Pagrehistro ng Inkan

Sa Japan, ang inkan/hanko kung saan nakaukit ang inyong pangalan ay ginagamit bilang pirma. Ang mga nakarehistrong inkan ay tinatawan na *jitsuin*. Ang paggamit ng rehistradong inkan kasama ang Certificate of Registration ay magiging legal na kumpirmasyon ng may-ari. Para mairehistro dalhin ang inkan at Residence Card o Special Permanent Resident Certificate sa local ward office sa Citizens Affairs Division o branch office (pahina 39).

Ang ilang hanko ay hindi maaaring irehistro. Makipag-ugnayan sa local ward office, Affairs Division o branch office (pahina 39) para sa detalye.

Memo 2: Sistema ng Panunumpa ng Nagsasama ng Siyudad ng Hiroshima

Ang Siyudad ng Hiroshima ay nagpapahintulot sa mga mag-asawang sekswal na minorya na magsumite ng nakasulat na panunumpa at magkatuwang na ipahayag na kinikilala nila ang isa't isa bilang kanilang mga makakasama sa buhay, ang batas ay ipinagkaloob sa taong Enero 2021.

Hindi tulad ng marriage certificate, ang partnership certificate/card ay walang anumang legal na epekto. Sa kabila nito, maa-access pa rin ng mga mag-asawa ang isang hanay ng mga serbisyo sa munisipyo sa pamamagitan ng kanilang Partnerships certificate/cards. Para pa Sa ninanais na kaalaman makipag ugnayan sa Human Rights Education Division.

Telepono: 082-504-2165 <https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/yasashii/199977.html>



3 – 4 Seguro ng Kalusugan (Health Insurance)

Ang Japan ay mayroong sistema ng seguro (o insurance) na magagamit sa pagpapagamot sa panahon ng pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan. Ang sistemang ito ay hindi lamang pang-indibidwal, kundi isinaayos para sa kapakanan ng lahat. Maaaring mapasailalim sa isa sa tatlong sistema.

(1) Health Insurance (Seguro na pangkalusugan)

Kung kayo ang nagtatrabaho ng mahigit 20 oras sa isang linggo, kumikita ng mahigit 88,000 yen sa isang buwan, at sumasalob sa iba pang pamantayan, kayo ay mapasailalim sa health insurance plan ng inyong pinagtatrabahuhan.

Kung ang inyong pamilya ang nakatira din sa Japan, sila din ay maaaring mapasailalim sa health insurance. Makipag-ugnayan sa employer kung maaaring makatanggap ng health insurance.

(2) Seguro ng Pambansang Kalusugan (National Health Insurance)

Ang mga mamamayan na pinahintulatang manatili sa Japan ng mahigit 3 buwan ay kinakailangang maging miyembro ng Seguro ng Pambansang Kalusugan sa Lungsod ng Hiroshima. Upang maging miyembro, makipag-ugnayan sa local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39).

Gayunpaman, ang mga napapailalim sa alinman sa mga sumusunod ay hindi maaaring maging miyembro.

1. Mga kabilang sa may mga nakatalagang aktibidades

- pansamantalang naninirahan upang magpagamot o humanap ng lunas ng kanilang karamdaman, pati na ang mga naparito para mag-alaga sa mga kaanak nila
- dumating sa Japan para magbakasyon at maglibang, o asawa o kasama na dumating sa Japan sa parehong layunin ng magbakasyon

* Kung ang inyong katayuan sa paninirahan ay para sa isang "nakatalagang aktibidad", mangyaring magpakita ng kaukulang impormasyon na nagsasaad sa nakatalagang aktibidad.

2. Mga indibidwal na mayroong seguro sa medikal sa trabaho.

3. Mga indibidwal na nakatala sa sistemang medikal para sa mga matatanda

4. Mga indibidwal na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pamahalan (livelihood protection)

5. Mga tumatanggap ng pampublikong suportang pinansyal para sa mga naulilang Hapon sa bansang Tsina.

6. Mga nakatanggap ng sertipiko ng seguro mula sa pamahalaan ng kanilang pinagmulang bansa na may kasunduan sa seguro na kabilang sa medikal ng bansang Hapon.

(3) Planong Seguro Medikal (Medical Insurance Plan) para sa matatanda

Ang mga pumapaloob sa sumusunod ay maaaring gumamit ng Medical Insurance para sa Matatanda (Late-stage Elderly Medical Care system).

1. Mga taong edad 75 pataas.

2. Sa mga edad 65 hanggang 75, na may kapansanan sa nakatakdang antas – makipag-ugnayan tungkol sa pamamaraan para sa pagpapatunay ng pagkakaroon ng kapansanan sa Long Life Office. Makipag-ugnayan sa inyong tinitirahang local ward office, Longevity and Health Services Welfare Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39).

Samantala, ang mga sumusunod ay hindi kuwalipikado sa nabanggit na seguro:

- May permisong manirahan sa bansang Hapon ng hanggang tatlong buwan lamang (liban sa mga taong may balak manirahan dito ng mahigit pa sa tatlong buwan).

- Para sa mga nasa ilalim ng status of residence na “Designated Activities,” mga taong may “aktibidad upang makatanggap ng medikal na pangangalaga” o “aktibidad ng pang-araw-araw na pangangalaga ng taong iyon,” o kaya ay taong may “aktibidad ng pamamasyal, pagpapahinga at iba pang natutulad na aktibidad” o “asawang kasama ng taong ito.”
* Para sa mga taong may status of residence na “Designated Activities,” mangyaring ipakita ang “designation certificate” na nagpapakita ng detalye ng aktibidad.
- Mga individual na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pamahalaan (livelihood protection).
- Mga tumatanggap ng pampublikong suportang pinansyal para sa mga naulilang Hapon sa bansang Tsina.

(4) Pagpunta sa ospital

Kapag pumunta sa ospital, ipakita ang medical insurance card.

Maaaring gamitin ang My Number Card bilang “medical insurance card” sa mga ospital na mayroong card reader. Para sa mga taong nais gamitin ang My Number Card bilang “medical insurance card,” mangyaring iparehistro ang inyong My Number Card bilang “medical insurance card.”

Kayo ay magbabayad ng 10%-30% ng bayaring medikal (depende sa edad at halaga ng kita). Kung kayo magpapa-confine (in-patient), ang pagbabayad ng pagkain, atbp. ay inyong sagutin.

(5) Panganganak at Pagkamatay

Kung ang nakaseguro ay nanganak o namatay, siya ang makakatanggap ng salapi.

Para sa impormasyon, makipag-ugnayan sa kanya-kanyang Medical insurance office.

Makipag-ugnayan sa local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39) sa mga katanungan tungkol sa Hiroshima City National Health Insurance.

Makipag-ugnayan din sa local ward office, Welfare Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39) para sa mga katanungan sa Late-stage Elderly Medical Care system.



Memo: Mga Tulong na pang-medikal

Ang mga taong kumuha ng seguro sa kalusugan at napapasailalim ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon ay maaaring makatanggap ng lahat o bahagi ng self-pay para sa mga gastos sa medikal. Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat Public Welfare Department ng inyong ward (pahina 41, 42).

- Kapag pinalaki ang isang bata mula 0 taong gulang hanggang ika-tatlong baitang ng high school (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ng araw na umabot ng 15 taong gulang ang bata) Departamento ng Social Welfare
- Nag-iisang magulang na nag papalaki ng bata (hanggang sa ika-31 ng Marso matapos maging 18 taong gulang ang bata) Departamento ng Social Welfare
- Taong mayroong malubhang mental at pisikal na kapansanan o taong may kapansanan sa pag-iisip. Departamento ng Social Welfare
- Kapag napakalaki ng babayaran para sa Mediko. Departamento ng Health Insurance

(6) Bayarin sa Seguro

Ang mga miyembro ng Medical Insurance ay kailangang magbayad ng premium. Ito ay nababatay sa halaga ng kita.

3 – 5 Seguro para sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long-term Care Insurance)

Katangian ng mga Maaaring Maging Miyembro

Ang mga nangangailangan ng pangangalaga at pang araw-araw na tulong ng dahil sa sakit gaya ng palagiang pagkaratay sa higaan, o pagka-ulyanin ay maaaring gumamit ng sistema ng seguro para sa pangmatagalang pangangalaga.

(1) Katibayan ng Pangangailangan ng Pangmatagalang Pangangalaga

Kinakailangan maging kwalipikado sa lahat ng sumusunod sa ibaba upang maging kasapi sa nasabing seguro.

1. Naninirahan sa Lungsod ng Hiroshima
2. Mayroong tamang bisa at may balak manirahan sa bansang Hapon ng higit sa tatlong buwan.

Subalit sa mga taong may nakatalagang aktibidades ng sumusunod ay hindi makakatanggap:

- Ang visa na dala ay tulad ng pagpapagamot o ang mag-alaga sa taong nabanggit
- Mamamasyal o maglilibot sa Japan kasama ng kabiyak na pareho ng layunin

3. Ikaw ay nasa 40 taong gulang pataas

Kung ikaw ay nasa pagitan ng 40 taong gulang at 60 taong gulang nararapat kang pumasok sa Japanese Public Medical Insurance.

Kung ikaw ay nasa 65 taong gulang o pataas, ang siyudad ng Hiroshima ay mag papadala sa iyo ng Long Term care Insurance Card.

(2) Kung nais mong gamitin ang Long Term care

Una, nararapat magparehistro bilang isang nangangailangan ng long term care sa inyong local na lugar sa Welfare Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39).

Ang mga taong nakatanggap ng sertipikasyon para sa pangmatagalang pangangalaga o suporta ay maaaring gumamit ng pangmatagalang serbisyo ng seguro sa pangangalaga.

Gayunpaman, ang ilang mga serbisyo ay maaaring hindi magagamit depende sa antas ng pangangalaga. Kapag ginamit ang serbisyo, ayon sa batas, kayo ay kinakailangang magbayad ng 10%-30% (depende sa halaga ng kita) ng gastos.

Ang mga taong hindi nakatanggap ng sertipiko ng pangmatagalang pangangalaga ay maaaring gumamit ng serbisyo.

Para sa maraming kaalaman, makipag ugnayan sa inyong local ward tanggapan sa Welfare Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39).

(3) Bayad sa Seguro (Insurance Payments)

Kung kayo po ay nakapasok sa Long Term Health Insurance, kayo po ay nararapat magbayad ng seguro. Para sa may edad 65 taong gulang pataas, ang hulog ay nakabatay sa halaga ng kita ng nakaseguro. Para sa mga miyembro na may edad na mahigit 40 taong gulang at hindi hihigit sa 65, ang bayad ay kukuwentahin bilang bahagi ng kanilang bayad para sa segurong pang medikal kung saan sila rin ay nakapasok.

3 – 6 Pensyon

Ang lahat ng residente na may edad na 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang ay nararapat nakapasok sa National Pensyon (Kokumin Nenkin). At kung kayo po ay nagtatarabaho sa kumpanya (atbp) kayo po nararapat nakapasok sa Employee Pension Insurance (Kosei Nenkin).

(1) Paano ang pagpasok

Makipag-ugnayan sa inyong local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39).

Ang mga kasapi ng Pensyon para sa Empleyado kasama ang kanilang mga asawa na suportado din ng naturang Pension ay kinakailangang magsumite ng aplikasyon sa kani-kanilang employer o sa lugar kung saan nagtatrabaho ang asawa.

(2) Bayarin para sa Pensyon

Ang mga taong nabigyan ng katunayan ng pagkaseguro ay kinakailangang magbayad ng premium. Kung mahirap magbayad ng premium dahil sa kakulangan ng kita, maaaring mag-apply ng partial o total exemption. Makipag-ugnayan sa local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39).

(3) Uri ng Bayarin para sa Pensyon

Pensyon	Sino ang maaaring makatanggap
Pensyon para sa Matatanda	Ibibigay sa mga miyembro na may edad 65 at pataas na naging kasapi ng pambublikong pensyon (public pension) ng 10 taon o mas mahaba pa (kasama ang panahong hindi na kinailangang magbayad ng insurance premium ayon sa gobyerno).
Pensyon para sa may kapansanan	Sa mga nagkasakit o na-pinsala habang miyembro ng pensyon.
Pensyon para sa namatayan	Para sa namatay habang miyembro ng pensyon. Ibibigay sa kanila asawa (kung ang asawa ay dependent at kasalukuyang nag-aalaga ng anak o mga anak) o sa anak o mga anak ng namatay.

Para makakuha ng benepisyo mula sa Pensyon para sa may Kapansanan o Pensyon para sa Namatayan, kinakailangang masunod ang ilang kundisyon ayon sa ibinayad.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 41, 42) o branch office (pahina 39)

Paalaala: Ang Ninoshima Branch Office ay hindi tumatanggap ng usapin ukol sa pensyon.

(4) Lump-sum Withdrawal Payment (Pagbabalik ng iyong pensyon)

Kung titigil bilang miyembro ng National Pension system, maaaring makatanggap ng lump-sum withdrawal payment. (Dattai Ichiji Kin) Ibibigay ang withdrawal payments sa sinuman na makatutupad sa lahat ng mga kundisyon na nakasaad sa ibaba, at nakapagsumite ng aplikasyon ng 2 taon mula sa paglabas ng bansang Hapon. Ang kabuuan na inyo pong matatanggap ay sang ayon sa haba ng inyong pagbabayad ng Insurance premiums.

- Sa mga walang nasyonalidad na Hapon
- Sa mga nakapag bayad ng National Pensions Premium ng 6 na buwan o mahaba pa.
- Walang address sa Japan
- Hindi tumatanggap ng pensyon galing sa Japan (kabilang ang allowance para sa mga may Kapansanan)

【Mahalagang Papeles】

Pag-alis ng Japan, ang mga sumusunod ay nararapat ipadala sa Japan Pension Service:

- Request for Lump-Sum Withdrawal Form (Dattai Ichiji Kin Seikyusho), Dokumentong pagpapatunay ng iyong basic pension number (tulad ng iyong pension book, o notice of basic pension number)
- Kopya ng mga pahina ng iyong pasaporte na nagsasaad ng iyong pangalan, date ng iyong kaarawan, nasyonalidad, iyong pirma, at ang visa status (atbp).
- Dokumentong nagpapatunay ang iyong bank account na naroon ang iyong pangalan, pangalan ng banko, numero ng banko (atbp).

〒168-8505 3-5-24 Takaido-Nishi, Suginami-ku, Tokyo

Japan Pension Service (日本年金機構)

Telepono 0570-05-1165 (domestic calls); +81-3-6700-1165 (international calls)

3 – 7 Buwis

(1) Buwis sa bansang Hapon

Ang buwis sa bansang Hapon, kasama dito ang tinatawag na nasyonal buwis na kinokolekta ng gobyerno ng nasyonal buwis at ang lokal na buwis ay kinokolekta ng prepektura at gobyerno ng munisipal.

National Tax		Income tax, corporate tax, inheritance tax, consumption tax, atbp.
Local Taxes	Prefectural Taxes	Prefectural resident tax, automobile tax, local consumption tax, atbp.
	Municipal Taxes	Municipal resident tax, property tax, light vehicle tax, atbp.

* Para sa mga katanungan tungkol sa national tax at Prefectural Tax, makipag-ugnayan sa National Tax Agency o sa prefectural taxation office.

(2) Buwisng kita

1. Tungkol sa Buwis ng Kita

Ang mga may pinagkukunan ng kita, tulad ng mga suweldo, ay kinakailangang magbayad ng buwis sa kita. Ang halagang babayaran ay tinutukoy ng halaga ng kita na natanggap sa loob ng isang taon sa pagitan ng Enero 1 at Disyembre 31

2. Paano magbayad ng income tax

<Sistema ng withholding tax>

Binabayad ito buwan-buwan ng kumpanya atbp. (Tinatawag na withholding tax ang paraan ng pagbabayad na ito).

- Kinakaltas ang buwis mula sa iyong suweldo para sa bayad.
- Kinakalkula tuwing Disyembre para malaman kung nasobrahan o nagkulang ang buwis na binayad mula Enero hanggang Nobyembre (tinatawag itong year-end adjustment). Kung sumobra ito, ibabalik ang buwis sa iyong sweldo sa Disyembre.

<Mag-file ng Tax Return>

Kung wala kang withholding tax o year-end adjustment mula sa kumpanya, kusang isumite ang iyong mga dokumento. (Tinatawag itong final tax return).

- Mag-file ng Tax Return Isusumite ang mga dokumento sa tax office ng ward kung saan nakatira sa pagitan ng Pebrero 16 hanggang Marso 15 ng taong sumunod sa taon kung kailan nagtrabaho.
- Binabayad ito sa pamamagitan ng convenience store, bangko, post office, internet atbp.

(3) Resident tax (Individual Municipal Resident tax at Prefectural Resident Tax)

1. Tungkol sa resident tax

Ang Individual Municipal Resident tax (*Shiminzei*) at Prefectural Resident Tax (*Kenminzei*) ay tinatawag na Resident Tax at ito ay binabayaran ng sabay.

Individual Municipal Resident tax + Individual Prefectural Resident tax = Resident Tax

Ang Resident Tax ay binabayaran ng lahat na may tirahan sa Japan mula sa unang araw ng Enero sa naturang taon at kumita ng sahod noong nakaraang taon. Ang halaga ng Resident Tax ay nakabase sa flat rate at rate mula sa halaga ng kita noong nakaraang taon.

Resident Tax = Flat rate + Rate base sa halaga ng kita

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang website ng Hiroshima City (<https://www.city.hiroshima.lg.jp/soshiki/26/199970.html>) o makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng Municipal Resident Tax Section at tax office sa inyong ward (pahina 40).



2. Pagbabayad ng buwis

Ang inyong employer ay nagbabawas ng buwis mula sa inyong sahod at ito ay ibinabayad sa City (Special Collection (*Tokubetsu Chōshu*) Maaari ding magbayad na pansarili (Ordinary Collection) (*Futsū Chōshū*) Ang lungsod ay magpapadala ng notipikasyon kung magbabayad ng pansarili. Basahin ang notipikasyon at magbayad ng buwis sa takdang oras sa pamamagitan ng convenience store, bangko, post office atbp. Gayundin, maaari ring magbayad ng municipal resident tax gamit ang credit card o payment app sa smartphone sa pamamagitan ng internet.

3. Kung hindi magbayad ng tax, ano ang mangyayari?

Kung hindi kayo nakakabayad ng tax ayon sa takdang oras, kayo ay pagbabayaran ng tax hindi lamang sa halagang dapat bayaran kundi pati na rin ang late payment charges. Ang Lungsod ay maaari ring magsagawa ng mga paglilitis laban sa inyo para sa pagbawi ng hindi bayad na mga buwis sa pamamagitan ng pagsamsam ng mga ari-arian, pati ang inyong suweldo. Bayaran ang inyong mga buwis sa takdang oras upang maiwasan ito. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang Hiroshima City homepage <https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/english/18862.html> (English site), o makipag-ugnayan sa Collections Division sa inyong ward (pahina 40).



Memo: Income Tax Convention

Kung ang inyong bansa ay may bahagi ng **Income Tax Convention** kasama ang Japan at kayo ay

- estudyante
- vocational trainee (training sa kumpanya)

Maaari kang maging libre sa income tax at/o resident tax. Kailangang masunod ilang kundisyon para maging libre, at kailangang mag-sumite ng aplikasyon na magkahiwalay sa income tax at resident tax. Hindi maaaring malibre sa resident tax kung nagsumite lamag sa income tax exemption. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Municipal Resident tax Section sa inyong munisipyo.

(4) Automobile Tax / Light Motor Vehicle Tax

1. Rate para sa environmental performance

- Kapag bumili ng sasakyan, madalas itong binabayad kasabay ng sasakyan sa dealer kung saan mo binili ang sasakyan.
- Ang halagang babayaran ay batay sa uri atbp. ng biniling sasakyan.

2. Rate ayon sa klasipikasyon

- Binabayad ito ng mga taong nagmamay-ari ng sariling sasakyan sa Abril 1 ng bawat taon.
- Para sa mga sasakyan na may engine displacement na higit sa 660 cc, magbabayad ng “automobile tax classification rate.” Para sa mga sasakyan na 660 cc pababa, magbabayad ng “light motor vehicle tax classification rate.”
- Sa pagitan ng Abril hanggang bandang Mayo, magpapadala sa iyo ang siyudad o prepektura ng Hiroshima ng liham kung saan nakasulat ang halagang kailangan mong bayaran. Ang babayaranang halaga ay batay sa klasipikasyon atbp. ng iyong sasakyan.
- Magbayad sa pamamagitan ng convenience store, bangko, internet, post office atbp. (bago ang takdang araw na nakasulat sa liham).
- Maaari ring magbayad gamit ang credit card o payment app sa smartphone sa pamamagitan ng internet.